REPUBLIC OF THE PHILIPPINES)
)S.S.
CITY OF MANILA)
X----------X

SINUMPAANG SALAYSAY

AKO, si **ERNESTO AVASOLA y ARU**, Filipino, nasa hustong gulang, may-asawa, tubo at kasalukuyang nakatira sa Relocation Site, Brgy. Mintal, Davao City, matapos makapanumpa ng naayon sa batas, ay nagsasaad ng mga sumusunod:

NA, noong umaga ng July 5, 2009, ako ay pumunta sa Laud Compound na matatagpuan sa Purok 3, Bgy. Ma-a, Davao City, upang makiusyoso sa ginagawang paghuhukay ng mga pulis sa nasabing lugar at sabihin sa kanila ang aking nalalaman sa mga biktima ng pagpapatay na inilibing doon dahil hindi ko na kayang dalhin ang malimit na pagbabagabag sa akin ng aking kunsensiya at ako ay hindi na halos makatulog dahil dito;

NA, noong ako ay dumating sa nasabing lugar ay aking nilapitan ang tumatayong lider ng mga pulis na nakilala kong si COL. (PSSUPT) ROBERTO FAJARDO JR at sinabi ko dito na ako ay may nalalaman sa isang insidente ng pagpatay doon ng anim na katao at ang mga ito ay inilibing sa tatlong magkakatabing kuweba na matatagpuan sa gilid ng bundok ilang metro mula sa likod ng bahay ni retired SPO4 BIENVENIDO LAUD na kilala rin sa tawag na TATAY LAUD na may-ari ng nasabing lugar;

NA, nasaksihan ko ang pagpatay sa anim na kalalakihan na mga nakapiring ang mga mata at may tali ang mga kamay at paa noong mga bandang alas-9:00 ng gabi, mga ikatlong lingo ng Disyembre 2005 at isa ako sa mga naglibing ayon sa utos ni TATAY LAUD sa mga katawan ng biktima sa tatlong kuweba matapos itong patayin ng anim na miyembro ng Anti-Crime Unit ng Davao City Police Office (ACU-DCPO);

NA, nakilala ko lamang sa alyas na PEDRO at alyas MARIO ang dalawa sa anim na biktima at ang dalawang ito ay inilibing namin sa unang kuweba na malapit sa bahay ni TATAY LAUD samantalang iyong dalawa ay sa sunod na kuweba at ang natirang dalawa ay sa pangatlong kuweba;

NA, kaya ako napunta sa nasabing lugar noong December 2005 noong mangyari ang insidenteng ito ay dahil ako ay "utusan" o "asset" ni TATAY LAUD at ako ay kaniyang pinapunta noong gabing iyon sa kaniyang bahay sa Laud Compound at noong dumating ako ay dinatnan ko na doon sina TATAY LAUD, @ ALEX at pitong (7) kalalakihang miyembro ng Anti-Crime Unit ng Davao City Police Office (ACU-DCPO) at iyong anim (6) na biktima;

NA, dinala ko si COL. FAJARDO at kaniyang mga kasamang pulis sa nasabing mga kuweba at doon ay nakita namin sa huli o ikatlong kuweba mula sa bahay ni TATAY LAUD ang isang nakausling buto na ayon sa isa sa mga pulis na isang doctor ay buto ng isang tao;

NA, ginawa ko ang salaysay na ito ayon sa aking sariling kaisipan at kagustuhan na makawala o makaalpas sa pag-babagabag sa akin ng aking kunsensiya at walang sinumang nanakot o nanakit sa akin o nangako ng anumang bagay o pera kapalit ng salaysay kong ito.

BILANG PATUNAY sa mga nakasaad dito sa aking salaysay na may kabuuang dalawang pahina, ako ay lalagda sa ibabang bahagi nito ngayong ika-10 ng Hulyo 2005.

ERNESTO A. AVASOLA
Nagsalaysay

SUBSCRIBED AND SWORN to before me this 10 day of July 2009, City of Manila, Philippines. I further certify that I have personally examined the herein affiant and I am fully satisfied and convinced that he voluntarily executed his affidavit and fully understood the contents hereof.

WILLIAM SIMON P. PERALTA
PRESIDING JUDGE
Administering Officer